

# Project EASE

(Effective and Alternative Secondary Education)

## ARALING PANLIPUNAN I



### **MODYUL 20 ANG SALIGANG BATAS AT MGA PATAKARAN AT PRINSIPYO**

**BUREAU OF SECONDARY EDUCATION**  
Department of Education  
DepEd Complex, Meralco Avenue  
Pasig City



## MODYUL 20 ANG SALIGANG BATAS AT MGA PATAKARAN AT PRINSIPYO NG ESTADO NG PILIPINAS







Sa mga nakaraang modyul, napag-aralan mo ang iba't ibang uri ng pamamahala sa iba't ibang panahon ng ating kasaysayan.

Sa modyul na ito, unawain natin kung ano ang nagpapatatag ng ating pamahalaan. Unawain natin kung ang ating bansa ay isang nasyon o isa nang estado. Ano ang mga elemento ng isang estado? Saan nagsimula ito? Bilang elemento ng estado, ano ang pamahalaan at ano ang gampanin nito? At sa pagpapatatag ng ating pamahalaan, ano ang gampanin ng saligang batas? May saligang batas ba ang Pilipinas? Ang lahat ng mga tanong na iyon ay sasagutin natin sa modyul na ito.



Tatalakayin sa modyul na ito ang mga sumusunod na aralin:

-  Aralin 1: Estado, Nasyon, at Mga Teorya Hinggil sa Pagbuo ng Estado
-  Aralin 2: Ang Pamahalaan
-  Aralin 3: Ang Konstitusyon o Saligang batas
-  Aralin 4: Ang Saligang Batas ng Pilipinas



Inaasahan na sa katapusan ng modyul na ito ay magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maipaliliwanag ang pagkakaiba ng nasyon at estado;
2. Matutukoy ang kalakasan at kahinaan ng bawat teorya hinggil sa pinagmulan ng estado;
3. Maipaliliwanag ang konsepto ng pamahalaan at ang mga uri nito;
4. Maipaliliwanag ang konsepto ng Saligang batas at ang kahalagahan nito; at
5. Matutukoy ang mga pangunahing nilalaman ng kasalukuyang Saligang batas ng Pilipinas at ang pagkakaiba nito sa mga nauna.



## PANIMULANG PAGSUSULIT:

### I. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod na mga pangkat ang bumubuo ng mga elemento ng estado?
  - A. soberenya, tao, pamahalaan at teritoryo
  - B. pangulo, botante, kongreso, at batas
  - C. lehislatura, ehekutibo, hukuman, at burukrasya
  - D. soberenya, kongreso, at batas
  
2. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa isang pangkat ng tao na pinag-isa ng pare-parehong katangian katulad ng pinagmulang lahi, wika, kaugalian, tradisyon at paniniwala?
  - A. estado
  - B. nasyon
  - C. pamahalaan
  - D. bayan
  
3. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa elemento ng estado na siyang nagiging ahensya ng pagpapatibay, paghihiwatig at pagsasakatuparan ng mga mithiin nito?
  - A. pulisya
  - B. ehekutibo/ tagapagpaganap
  - C. lehislatibo/ tagapagbatas
  - D. pamahalaan
  
4. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa isang kalipunan ng mga patakaran at prinsipyong nagbibigay soberenya sa isang bansa at naglalaman ng iba't ibang kapangyarihan ng pamahalaan?
  - A. Universal Declaration of Human Rights
  - B. Kodigo Sibil
  - C. Saligang Batas
  - D. Batas Kriminal

5. Alin sa mga sumusunod na uri ng pamahalaan ang pinamumunuan ng isang pinuno lamang?
- A. monarkiya
  - B. demokrasya
  - C. aristokrasya
  - D. parliamentarya
6. Alin ang teorya na nagsasabi na ang estado ay nilikha ng Diyos?
- A. Divine Right Theory
  - B. Paternalistic Theory
  - C. Social Contract Theory
  - D. Teorya ng Lakas
7. Alin sa mga sumusunod ang batayang batas ng alinmang estado o bansa?
- A. konstitusyon
  - B. statute
  - C. batas militar
  - D. kodigo sibil
8. Alin ang mga uri ng pamahalaan batay sa dami ng namumuno?
- A. monarkiya, aristokrasya, demokrasya
  - B. presidenyal o parliamentaryo
  - C. despotik, halal, minana
  - D. *unitary, federal*
9. Alin sa mga sumusunod na sistema ng pamahalaan ang umiiral sa ilalim ng Saligang Batas ng 1986?
- A. binagong parliamentaryo
  - B. pamahalaang rebolusyonaryo
  - C. republika
  - D. komonwelt

10. Sino sa mga sumusunod ang naging tagapangulo ng komisyong nagbalangkas ng kasalukuyang konstitusyon?

- A. Corazon Aquino
- B. Cecilia Muñoz-Palma
- C. Fidel Ramos
- D. Hilario Davide

II. Isulat ang tamang sagot sa puwang. Piliin sa loob ng kahon ang iyong sagot:

<i>Preamble</i>	<i>Unitary</i>	Jose P. Laurel
<i>Federal</i>	<i>Flexible</i>	<i>De facto</i>
Pedro Paterno	Komonwelt	<i>Conventional</i>
<i>Freedom Constitution</i>	<i>Malolos Constitution</i>	

- \_\_\_\_\_ 1. Bahagi ng konstitusyon na naglalaman ng layunin ng pamahalaan, para kanino ito, at paano ito matutupad.
- \_\_\_\_\_ 2. Uri ng konstitusyon na maaaring mabago.
- \_\_\_\_\_ 3. Uri ng konsitusyon na inihanda ng isang asembliya na nilikha para sa gawaing ito.
- \_\_\_\_\_ 4. Isa pang tawag sa Saligang Batas ng 1986.
- \_\_\_\_\_ 5. Uri ng pamahalaan kung saan ang pamahalaang nasyonal ang may hawak ng kapangyarihan.
- \_\_\_\_\_ 6. Uri ng pamahalaang nahahati sa pamahalaang lokal at nasyonal.
- \_\_\_\_\_ 7. Uri ng pamahalaang naitatag dahil sa suporta ng tao.
- \_\_\_\_\_ 8. Namuno sa pagbuo ng Saligang Batas ng 1943.
- \_\_\_\_\_ 9. Namuno sa pagbuo ng Saligang Batas ng Malolos.
- \_\_\_\_\_ 10. Unang sistema ng pamamahala na umiral sa ilalim ng Saligang Batas ng 1935.

## ARALIN 1:

### ANG ESTADO, ANG NASYON AT MGA TEORYA SA PAGBUO NG ESTADO



May mga bansa na itinuturing na estado subalit binubuo ng mahigit sa isang nasyon. Mayroon ding mga bansa na isang estado at may isang nasyon. Mayroon din namang mga nasyon na walang estado. Mahalagang unawain ang pagkakaiba ng dalawang konsepto para sa pag-aaral ng Konstitusyon o Saligang Batas at mga nilalaman nito.



Inaasahan na sa pagkatapos mo araling ito ay magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matutukoy ang pagkakaiba ng nasyon at estado;
2. Maibigay at matalakay ang mga elemento ng mga ito;
3. Maipaliliwanag ang mga teorya hinggil sa pinagmulan ng mga estado; at
4. Masusuri ang mga kahinaan at kalakasan ng bawat teorya.




#### Gawain 1: Pag-isipan Mo!

**Panuto:** Ayusin ang mga titik sa ilalim ng bawat larawan upang makatukoy ng isang elemento ng estado.



oat



**oryoetirt**



**hapmaalana**



**erebaynos**

## Ang Estado

Ang **estado** ay isang konseptong pulitikal. Ito ay tumutukoy sa pangkat ng mga tao na nakatira sa isang partikular na teritoryo at namumuhay alinsunod sa isang karaniwang legal at pulitikal na pamunuan. Alinsunod sa **Montevideo Convention** ng 1933, ang isang bansa ay maituturing na bansa kung matatagpuan dito ang mga sumusunod na elemento; (Tingnan mo kung tama ang iyong mga sagot sa unang gawain)

**A. Tao** – Ito ay tumutukoy sa grupo ng mga tao na naninirahan sa loob ng isang teritoryo. Ito ang itinuturing na pinakamahalagang elemento. Ito ang personal na saligan ng isang estado. Hindi tiyak ang bilang ng populasyon ng taong kailangan ng isang estado. Ngunit hindi nararapat na ito ay masyadong maliit o malaki. Kinakailangang sapat lamang ang bilang ng tao upang pamunuang mabuti at matugunan ang pangangailangan.

Itinuturing ang mga taong ipinanganak sa loob ng isang teritoryo at ang kanilang mga anak na mamamayan ng estado. Ang **pagkamamamayan** ay di-boluntaryong pagsapi lamang sa isang estado. Ayon kay T.H. Marshall, ang isang indibidwal ay itinuturing na mamamayan kung ito ay itnuturing na kasapi ng lipunan.

Sa ilalim ng kasalukuyang batas pandaigdigan, pinagkakalooban ng isang estado ng pagkakakilanlan ang mga taong kanyang nasasakupan.

**B. Teritoryo** – Kung pagbabalikan mo ang Modyul 2, ang teritoryo ay tumutukoy sa lawak ng lupain at katubigan (pati na ang himpapawid at kalawakan sa itaas nito). Ito rin ang tinitirhan ng tao at pinamamahalaan ng pamahalaan. Ito ang likas na saligan ng isang estado. Walang partikular na sukat ang teritoryo. Ang mahalaga ay sapat ang yamang likas nito upang tugunan ang mga pangangailangan ng mga tao dito.



**C. Pamahalaan** – Ito ang samahang pampulitikal na itinataguyod ng tao at may layuning tugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan. Ito ang elementong nagsisilbing ahensya ng pagsasakatuparan ng mga mithiin ng estado.

**D. Soberenya o Ganap na Kalayaan** – Tumutukoy naman ito sa kapangyarihan ng pamahalaang mamahala sa kanyang nasasakupan. Ito ay tumutukoy din sa kalayaan ng estado na magpatupad ng mga programa nang hindi pinakikialaman ng ibang estado.

Hindi maituturing na estado ang isang pamayanan kung walang pagtanggap ng pandaigdigang komunidad. Gayundin, di maituturing na estado ang isang pamayanan kung wala itong kapangyarihang magpasunod at magtakda ng mga batas sa nasasakupang populasyon. Hindi rin maituturing na estado ang isang bansa kung may isa o higit pang kulang sa alinman sa apat na elemento.

## **Nasyon**

Ang nasyon, di tulad ng estado, ay isang etnikong konsepto. Ito ay pangkat ng tao na pinag-isa ng magkakatulad na katangian ng pinagmulang lahi. Kasama dito ang wika, kaugalian, tradisyon at paniniwala.

## **Ang Kaibahan ng Estado at Nasyon**

Magkaiba ang mga konseptong bumubuo ng estado at nasyon base sa mga kahulugang nauna na nating ibinigay. Binubuo ng legal at pulitikal na konsepto ang estado. Ang nasyon naman ay bumubuo ng konsepto ng lahi, paniniwala, kulay o wika. Maaaring sa isang estado ay maraming nasyon. Halimbawa, sa ating bansa, karaniwang realidad na mayroong mga mamamayang Pilipino na ang lahi ay Tsino. Galing ang mga ito sa Tsina (China) at pagdating nila sa Pilipinas ay pinalitan ang kanilang pagkamamamayan. Ngunit sa pagpapalit ng kanilang pagkamamamayan ay hindi napalitan o naapektuhan ang kanilang lahi. Sila ay may nasyong Tsino pa rin na singkit ang mga mata at manilaw-nilaw ang kulay ng balat.

Ganoon din ang nangyari sa mga Pilipino na tumungo sa Estados Unidos at nagpasyang palitan ang kanilang pagkamamamayan. Subalit kahit na sila ay nagpalit ng pagkamamayan, sila ay nananatiling Pilipino sa lahi.

## **Mga Teorya Hinggil sa Pagbubuo ng Estado**

Saan nagsimula ang estado? Paano nabuo ito? Kasama sa pagbubuo ng konsepto ng estado ang mga pala-palagay hinggil sa pinagmulan ng estado. Samu't sari ang mga panukala hinggil sa pinagmulan nito. May nagsasabing ito ay galing sa Diyos. Ayon sa iba ito ay bunga ng isang pagkakasundo ng mga kasapi ng lipunan. Sa iba naman ay dahil sa lakas. Ang mga paliwanag na ito at iba pa ang pagtutuunan natin ng pansin sa bahaging ito ng modyul.



1. ***Teorya Ng Banal Na Kapangyarihan (Divine Right Theory)*** - Ito ang pinakamatandang teorya hinggil sa pinagmulan ng estado. Ayon sa teoryang ito, ang estado ay nilikha ng Diyos sapagkat lahat ng kapangyarihang pulitikal ay nagmumula sa Kanya. Ang pinuno ay pinili ng Diyos at binigyan ng kapangyarihan upang mamahala, at dahil siya ay kinatawan ng Diyos sa lupa, kinakailangang siya ay sundin ng mga tao.
2. ***Teorya Ng Lakas (Force Theory)*** – Ayon sa teoryang ito, ang estado ay nilikha sa pamamagitan ng dahas ng mga malalakas laban sa mahihina.
3. ***Teorya ng Makaama O Pinakamalawak Na Kapangyarihan Ng Pamilya (Paternalistic Theory)*** – Ayon sa teoryang ito, ang estado ay nabuo ayon sa paglaki ng pamilya na nanatiling nasa ilalim ng ama o ina. Ayon sa natural na proseso o ang proseso ng pag-aasawa, ang pamilya ay naging angkan at ang angkan ay naging tribo at ang tribo ay naging nasyon, at ang nasyon ay naging estado.



4. **Teorya Ng Kasunduang Panlipunan (Social Contract Theory)** – Ayon sa teoryang ito, ang estado ay nabuo sa pamamagitan ng sadya at boluntaryong pagkakasundo ng mga tao na bumuo ng lipunan at magtatag ng pamahalaan para sa kabutihan ng lahat. Ang kasunduan ay sa pagitan ng mamamayan at pamahalaan – ang mamamayan ay susunod sa mga batas at ang pamahalaan ay mangangalaga sa karapatan ng mamamayan. Sa ganitong konteksto, isasaalang-alang ng pamahalaan ang interes ng bawat mamamayang kabahagi ng kasunduan. Samakatwid, kung hindi na natutugunan at hindi na kumikilos ang pamahalaan ayon sa interes ng mga mamamayan, maaari nang tanggihan o ibagsak ang pamahalaan sapagkat hindi ito tumupad sa kasunduan.
  
5. **Teorya Ng Ebolusyon (Evolutionary Theory of the State)** – Ayon sa teoryang ito, dumaan ang estado sa isang masalimuot na paraan na nagsimula sa pagsisikap ng tao na umunlad para sa sarili, pamilya at kinabibilangan.
  
6. **Teorya Ng Likas Sa Sarili** – Ayon sa teoryang ito, likas na hilig o interes ng tao ang mabuhay na may kasama. Dahil dito, kailangan ang pinuno at patakaran upang magkaroon ng katahimikan.

### **Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ngayong nabatid mo na ang maraming bagay hinggil sa estado, subukin mong gawin ang mga sumusunod upang palalimin ang iyong kaalaman.

Unang Bahagi

**Panuto:** Buuin ang mga salitang kinakatawan ng bawat larawan. Ang mabubuong salita ay maaring katunog lamang ng pigura o titik ngunit di kapareho ng pagbabaybay nito. Ang salita ay maaring nasa wikang Ingles o Filipino.

1. **D** +  + 

(Clue: Dalawang salita na nasa wikang Ingles)

2. **4** + **S**

(Clue: Binubuo ng isang salita na nasa wikang Ingles)

3.  + **al** + 

(Clue: Binubuo ng dalawang salita na nasa wikang Ingles)

4.  - **R** + **ary**

(Clue: Binubuo ng isang salita sa wikang Ingles)



(Clue: Binubuo ng isang salita sa wikang Ingles)

Ikalawang Bahagi:

**Panuto:** Iguhit ang 😊 kung tama ang pangungusap at ☀ kung mali at itama ang may salungguhit na salita.

- \_\_\_\_\_ 1. Sang-ayon sa Teorya ng Divine Rights, ang estado ay nabuo dahil sa kasunduan ng mga taong naninirahan sa lugar.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang estado ay nagmula sa isang pamilya na nagiging lipi dahil sa pagkakaibigan.
- \_\_\_\_\_ 3. Dumadaan ang estado sa ebolusyon sang-ayon sa teorya ng Paternalistic Theory.
- \_\_\_\_\_ 4. Ayon sa Teorya ng Lakas, ang estado ay nilikha batay sa natural na interes ng tao na mamuhay ng may kasama.
- \_\_\_\_\_ 5. Isinasaad sa Teorya ng Pinalawak na Pamilya na nabuo ang estado ayon sa patuloy na paglaki ng pamilya na nananatiling nasa ilalim ng ama o ina.
- \_\_\_\_\_ 6. Ang nasyon at ang estado ay iisa.
- \_\_\_\_\_ 7. Maaring may higit sa isang nasyon sa isang estado.
- \_\_\_\_\_ 8. Ang mga elemento ng nasyon ay: pamahalaan, soberenya, tao, at pamahalaan.
- \_\_\_\_\_ 9. Kung isa o dalawa lamang sa mga sumusunod na elemento ang makikita sa isang pamayanan gaya ng – pamahalaan, tao, teritoryo, at soberenya – ito ay isa na ring estado.
- \_\_\_\_\_ 10. Ang nasyon ay isang etnikong konsepto.



### **Tandaan Mo!**

- Ang estado ay binubuo ng apat na elemento: mga tao, sariling teritoryo, soberanya, at pamahalaan.
- Maaaring buuin ang estado ng iba't ibang nasyon. Ang nasyon ay may magkatulad na katangian ng mga pangkat ng tao na nababanaag sa kanilang kultura at pisikal na kaanyuan.
- May limang pangunahing teorya kung paano nabuo ang mga estado: Teorya ng Banal na Kapangyarihan, Teorya ng Lakas, Teorya ng Makaama o Pinalawak na Kapangyarihan ng Pamilya, Teorya ng Kasunduang Panlipunan, Teorya ng Ebolusyon, at Teorya ng Likas sa Sarili.



### **Gawain 3: Paglalapat**

Saang estado mo nais mamuhay? Sa iyong sariling bansa o mangingibang bansa ka at mamumuhay sa ibang estado? Gumawa ng isang sanaysay na may tatlong talata lamang. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

## ARALIN 2

### ANG PAMAHALAAN SA ISANG ESTADO



Ang pamahalaan ay bahagi ng estado. Ito ang organisasyon o ahensya na nagtatakda at nagsasakatuparan ng naisin at tunguhin ng estado. Ang pamahalaan o “*government*” sa Ingles ay nagmula sa salitang Latin na “*gubernaculum*” na nangangahulugan sa Pilipino ng timon; o “*gubernare*” na nangangahulugan na pagdirehe ng patutunguhan o kontrol. Mula sa etimolohiya ng salita sa Ingles, ang pamahalaan ay ang organisasyon na siyang nagbibigay direksiyon sa mga dapat gawin ng estado.



Pagkatapos ng araling ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matutukoy ang mga mekanismo at mga uri ng pamahalaan; at
2. Makapagbibigay ng pagpapahalaga kung ano ang uri ng pamahalaan sa Pilipinas.

Handa ka na bang magsimula?



#### Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Magtanung-tanong sa mga nakatatanda sa inyong lugar kung ano sa palagay nila ang uri ng pamahalaan natin sa Pilipinas. Hingan mo sila ng paliwanag kung bakit. Pagkatapos ay basahin ang mga sumusunod na talata at magbigay din ng iyong sariling kasagutan. Paghambingin ang mga nakuha mong datos.

#### Ang mga Uri ng Pamahalaan

Sisimulan natin ang pag-aaral ng pamahalaan sa pamamagitan ng pag-unawa kung ano ang iba’t ibang uri ng pamahalaan:

1. **Sibil** – kung pinamamahalaan ng pinunong sibilyan.
2. **Militar** – kung pinamamahalaan ng pinunong military.

3. **Konsitusyunal** – kung ang pamamahala ng pinuno ay alinsunod sa isinasaad ng isang konstitusyon.
4. **Despotik** – kung ang pinuno ay gumagamit ng dahas sa pamumuno o upang makapamuno.
5. **Halal** – kung ang mga pinuno ay pinili sa pamamagitan ng eleksyon.
6. **Minana** – kung ang kapangyarihan ay ipinasa ng magulang sa anak.
7. **De Facto** – itinatag dahil sa suporta ng tao.

Inuuri din ang pamahalaan ayon sa mga sumusunod:

**1. Ayon sa Dami ng Namumuno**

**a. Monarkiya** – Pinamumunuan ito ng isang tao lamang mula sa “dugong bughaw” gaya ng mga hari at reyna. May dalawang uri ng monarkiya: *Absolute monarchy* – kung saan ang pinuno ay namumuno dahil pinili siya ng Diyos; at *Limited monarchy* – ang pinuno ay namumuno ayon sa konstitusyon.

**b. Aristokrata** – Ang pamamahala ay pinamumunuan ng ilang tao mula sa mataas na pangkat.

**c. Demokrasya** – Pinamumunuan ng mga taong pinili at inihalal ng mga mamamayan. May dalawang uri rin ng demokrasya: *direktang demokrasya* – may direktang partisipasyon ang mga tao sa pamamahala sa pamamagitan ng direktang konsultasyon at *di-direktang demokrasya* – ang tao ay pumipili ng kinatawan na siyang pinagkakatiwalaang magpasya para sa kanila.

**2. Ayon sa Lawak ng Kapangyarihan:**

**a. Unitary Government o Pamahalaang Sentralisado** – Ang pamahalaang nasyonal ang may hawak ng kapangyarihan.

**b. Federal Government** – Ang pamahalaan ay nahahati sa pamahalaang lokal at nasyonal. Ang bawat lokal na pamahalaan ay may kapangyarihang magpasya para sa kanyang nasasakupan nang hindi kumukunsulta sa pamahalaang nasyonal.



### 3. Ayon sa Relasyon ng Tagapagpaganap (Ehekutibo o Executive) at Tagapagbatas (Lehislatibo o Legislative)

- a. **Parlyamentarya** – Ang mga mamamayan ay naghahalal ng mga kinatawang bubuo ng lupon ng tagapagbatas (o tagagawa ng mga batas). Mula sa lupon ito ay naghahalal ang lahat ng mga kinatawan ng punong ministro at mga miyembro ng gabinete (ang tagapagpaganap). Ang punong ministro at mga miyembro ng gabinete ay may pananagutan sa lehislatura. Kung hindi nagagampanan ng punong ministro o gabinete ang kanilang mga responsibilidad, maaaring palitan sila ng lehislatura at magbuo ng panibagong administrasyon.
- b. **Presidensyal** – Ang bumubuo ng pamahalaan ay nahahati sa tatlo: tagapagpaganap, tagapagbatas at tagahukom. Taliwas sa istruktura ng pamahalaan na parlyamentarya, ang ehekutibo ay walang pananagutan sa tagapagbatas at tagapaghukom. Sa isang pamahalaang presidensyal, ang tatlong independyenteng mga sangay na ito ay nagsisilbing tagapagbantay ng isa't isa ayun sa prinsipyo ng “*check and balance*”.



#### Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Ngayon naman ay sagutin mo ang mga sumusunod na Gawain upang mapalalim mo pa ang iyong kaalaman. Kinakailangan mong magtanong sa nakatatanda sa iyo o magsaliksik.

**A. Panuto:** Anong uri ng pamahalaan mayroon sa iba't ibang panahong nakatala? Isulat kung sibil, militar, konstitusyonal, despotik, minana, halal.

1. Pamahalaang Rebolusyonaryo sa Panahon ni Aguinaldo \_\_\_\_\_
2. Pamahalaang Marcos noong Panahon ng Martial Law \_\_\_\_\_
3. Pamahalaang Amerikano \_\_\_\_\_
4. Unang Republika ng Pilipinas sa Panahon ni Aguinaldo \_\_\_\_\_
5. Pamahalaang Gloria Macapagal Arroyo pagkaraang mapaalis sa puwesto si Pangulong Estrada \_\_\_\_\_

B. Ano ang mga klasipikasyon ng pamahalaan ayon sa Relasyon ng Tagapagpaganap (Ehekutibo) at Tagapagbatas (Lehislatibo)? Isulat kung presidensyal o parlyamentarya.

1. Pamahalaang Marcos noong Panahon ng Martial Law \_\_\_\_\_
2. Pamahalaang Ramos \_\_\_\_\_
3. Pamahalaang Cory Aquino \_\_\_\_\_
4. Pamahalaang Commonwealth noong Panahon ni Quezon \_\_\_\_\_
5. Pamahalaang Ramon Magsaysay \_\_\_\_\_

C. Ano ang mga uri ng pamahalaan ayon sa namumuno sa mga sumusunod na bansa? Isulat kung monarkiya, aristokrata, o demokrasya.

1. Pilipinas \_\_\_\_\_
2. Inglatera \_\_\_\_\_
3. Espanya \_\_\_\_\_
4. Estados Unidos \_\_\_\_\_
5. Indonesia \_\_\_\_\_



### Tandaan Mo!

- Ang pamahalaan ay ahensiya ng estado na nagtatadhana at nagpapatupad ng naisin at tunguhin ng estado.
- May iba't ibang uri ng pamahalaan ayon sa paraan ng pamumuno: sibil, military, konstitusyonal, halal, despotik, at minana.
- Ayon sa dami ng namumuno, ang pamahalaan ay maaaring monarkiya, aristokrata, o demokrasya.
- Ayon sa lawak ng kapangyarihan, ang pamahalaan ay maaaring sentralisado o pederal.
- Ayon sa kaugnayan ng ehekutibo at lehislatibo, ang pamahalaan ay maaaring parlyamentarya o presidensyal.



### Gawain 3: Paglalapat

Alin sa mga uri ng pamahalaang ating natalakay ang sa palagay mo ay pinakamahusay para sa Pilipinas? Magbigay ng limang dahilan. Isulat sa isang sanaysay na may tatlong talata lamang.

## ARALIN 3

### ANG KONSTITUSYON O SALIGANG BATAS



Ang ating pamahalaan, gayundin ang halos lahat ng bansa sa mundo, ay ginagabayan ng Saligang Batas o Konstitusyon upang maging makatarungan at maayos ang pamamahala ng estado.



Inaasahan na pagkatapos mo ng araling ito, ay magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maipapaliwanag kung ano ang Saligang Batas;
2. Matatalakay ang kaibahan ng ordinaryong batas sa Konstitusyon;
3. Natutukoy ang mga bahagi ng Konstitusyon at mabibigyang-punaang maayos na pagkakalahad nito; at
4. Matataya ang kaangkupan ng Saligang Batas ng Pilipinas sa kasalukuyang panahon.


### Kahulugan ng Saligang batas

Ang **Saligang Batas** o **Konstitusyon** ay ang pundamental na batas ng bansa na nagsisilbing gabay sa pamamahala. Ito ay ang mga batayang batas at prinsipyo kung paano ipatutupad ang soberenya. Ito ay naglalaman ng kapangyarihan ng pamahalaan at ng pagkakahati ng kapangyarihang ito sa iba't ibang sangay at kagawaran ng pamahalaan.



## Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Kung ikaw ay gagawa ng bahay, ano ang unang dapat mong gawin?



Kung ang naging kasagutan mo ay ang pundasyon, nangangahulugan na nakuha mo ang unang layunin sa pagkakaroon ng isang konstitusyon. Ano pa ang ibang layunin nito?

### **Ang mga Layunin sa Pagkakaroon ng Saligang Batas o Konstitusyon**

Ang unang layunin ng Saligang batas ay ang paglalatatag ng balangkas ng pamahalaan ng isang estado. Dito ay binibigyang porma at istruktura ang iba't ibang sangay, ahensya, at opisina ng pamahalaan upang maging maayos ang paghahatid ng sebisyo sa taong bayan. Sa Konstitusyon din nakasulat ang hangganan ng mga kapangyarihan at katungkulan ng iba't ibang bahagi ng pamahalaan. Sa paraang ito, nagiging malinaw ang papel na dapat gampanan ng pamahalaan sa isang estado.

Ang ikalawang layunin ng Saligang batas ay ang pagsusulong ng kaseguruhan at proteksyon sa mga karapatan ng mga mamamayan sa estado laban sa mga pagmamalabis ng pamahalaan. Napakalawak ng nasasaklaw na kapangyarihan ng isang pamahalaan at sa lawak nito ay hindi imposibleng maging mapang-abuso ito at malabag ang mga karapatang pantao. Napag-aralan mo ang iba't uri ng pang-aabuso ng pamahalaan noong panahon ng Kastila o mga Amerikano. Nariyan ang Konstitusyon upang magbigay ng kaseguruhan na maaaring ipaglaban ng isang mamamayan ang

kanyang karapatan laban sa pang-aabuso ng makapangyarihang pamahalaan ng estado.

Ang huling layunin ng Saligang batas ay ang paggabay sa lahat ng sangay ng pamahalaan sa pagganap ng kanilang mga tungkulin.

### Ang pagkakaiba ng Konstitusyon at *Statute*

May batas na kung tawagin ay *Statute*. Tingnan natin kung paano naiiba ito sa Konstitusyon.

Konstitusyon	Statute
Ang pagbabatas ay galing mismo sa taong bayan.	Ang pagbabatas ay galing sa mga kinatawan ng taong bayan.
Nagbibigay ng malawak na balangkas bilang batayan ng mga batas at patakaran.	Nagbibigay ng detalye sa paksa ng tinutukoy sa batas at patakaran.
Ginawa upang bigyang tugon ang panghinaharap na kalagayan ng bansa hindi lamang ang pangkasalukuyan.	Ginawa upang bigyan tugon ang pangkasalukuyang kalagayan ng bansa.
Pinakamataas na pamantayan ng batas na ginagamit na batayan sa paggawa ng mga <i>statutes</i> .	Ginagamit na batayan ng Konstitusyon.

### Ang mga Uri ng Konstitusyon

Nauuri ang Konstitusyon batay sa pinagmulan nito:

1. **Conventional o Enacted** – Ang ganitong Konstitusyon ay isinabatas ng isang *Constitutional Assembly* o di kaya ay ibinigay ng monarka sa kanyang mga nasasakupan.
2. **Cumulative o evolved** – Ang ganitong Konstitusyon naman ay bunga ng ebolusyon o pagsasalin-salin mula sa iba't ibang henerasyon.

Nauuri din ang Konstitusyon batay sa pormat o istruktura nito:

1. **Nakasulat** – Kalimitang nakasulat ang Saligang Batas at ginagawa ng isang *Constitutional Assembly*.
2. **Hindi Nakasulat** – May mga Saligang Batas na produkto ng isang ebolusyong pulitikal at binubuo ng mga kaugaliang hindi nakasulat.

May mga Saligang Batas na batay naman sa paraan ng pagbabago:

1. **Rigid o Inelastic** – Konstitusyong hindi nababago maliban sa isang pamamaraang lubhang mahirap, matagal at kumplikado.
2. **Flexible o Elastic** - Konstitusyong maaring mabago.

### **Mga Bahagi ng Konstitusyon**

May iba't ibang bahagi ng Konstitusyon o Saligang Batas. Ang mga ito ay ang mga sumusunod:

1. **Preamble** – naglalaman ng mga layunin ng pamamahala, para kanino at paano ipatutupad.
2. **Mga Nilalaman** – mga probisyon tungkol sa tungkulin at karapatan ng mga mamamayan, at mga hangganan sa pagpapatupad ng batas.
3. **Amendments o Susog** – paraan upang mabago o maayos ang isa o higit pang bahagi ng Konstitusyon.

### **Mga Katangian ng Isang Maayos na Konstitusyon**

Ang Konstitusyon ay sumasailalim sa isang proseso upang maging maayos at mahusay ito. Maayos ang isang konstitusyon kung ito ay:

1. **maikli**, upang mas madaling maintindihan ng taong bayan at di gaanong puno ng detalye;
2. **malawak**, upang maging kumprehensibo at matalakay ang iba't ibang patakaran ng pamahalaan; at
3. **tiyak o malinaw**, upang maiwasan ang magkakasalungat na interpretasyon nito.



## Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

**Panuto:** Gawin mo ang sumusunod upang mapalalim ang iyong kaalaman.

Isulat ang mga sagot sa iyong kuwaderno.

1. Magbigay ng kahulugan ng Saligang Batas o Konstitusyon.
2. Ipaliwanag ang mga layunin ng Saligang Batas.
3. Ilista ang mga bahagi ng Saligang Batas.
4. Magtala ng tatlong katangian ng Saligang Batas.



### Tandaan Mo!

- Ang Saligang Batas (o Konstitusyon) ang batayang batas ng isang estado.
- Nasasaad sa Saligang Batas ang mga karapatan ng mga mamamayan sa ilalim ng pamahalaan ng estado.
- Ang Saligang Batas ang siyang naglalagay ng limitasyon sa kapangyarihan ng isang pamahalaan at nagtatalaga ng mga karapatan at tungkulin ng pamahalaan at ng mga mamamayan.



## Gawain 3: Paglalapat

Ano kaya ang maaaring mangyari sa Pilipinas sa ngayon kung wala tayong aligang batas? Pag-isipan mo ang tanong na iyan at sumulat ng dalawang talata para sa kasagutan. Ilagay sa iyong kuwaderno.

## ARALIN 4

### ANG SALIGANG BATAS NG PILIPINAS



Alam mo ba na ang Pilipinas ay nagkaroon na ng pitong Saligang batas sa iba't ibang panahon ng ating kasaysayan? Naaalala mo pa ba ang Konstitusyon ng Malolos, ang Saligang batas ng 1935, ang Saligang Batas ng 1973 at Saligang batas ng 1987? Natalakay na ang mga iyan sa mga nakaraang modyul, hindi ba?



Layunin ng araling ito ay:

1. Makapaglalahad ng mga naging Konstitusyon ng Pilipinas;
2. Makapaghahambing ng mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga iyon; at
3. Makapagpapaliwanang ng proseso ng pag-ugit ng Konstitusyon o Saligang Batas ng Pilipinas.

### Mga Saligang batas ng Pilipinas sa Iba't ibang Pamahalaan



#### Gawain 1: Pag-isipan Mo!

**Panuto:** Tukuyin at unawain ang bawat isa, mula sa katawagan, taga-Pangulo nito, petsa ng paglagda o pagpapatibay, mga gumawa at sistema ng pamamahala.

Saligang Batas	Taga-Pangulo	Petsa ng Paglagda/ Pagtitibay		Mga Gumawa	Sistema ng Pamahalaan
Saligang Batas ng Biak-na-Bato	Emilio Aguinaldo	Nobyembre 1, 1897	-	Kongreso (52 kinatawan)	Republika
Saligang Batas ng Malolos	Pedro Paterno	-	Enero 21, 1899	Kongreso (92 kinatawan)	Republika
Saligang Batas ng 1935	Claro M. Recto	Pebrero 8, 1935	Mayo 4, 1935	Delegado (202 kinatawan)	Komonwelt (naging Republika buhat noong 1946)
Saligang Batas ng 1943	Jose P. Laurel	Setyembre 4, 1943	Setyembre 7, 1943	Hapones (19 kasaping Pilipino)	Republika (sa turing lamang)
Saligang Batas ng 1973	Ferdinand E. Marcos	Nobyembre 30, 1972	Enero 10 at 15, 1973	Delegado (300 kinatawan)	Binagong Parlyamentaryo
Saligang Batas ng 1986 (Freedom Constitution)	Corazon Aquino	MARso 25, 1986			Rebolusyon sa EDSA (People's Power)
Saligang Batas ng 1987	Cecilia Muñoz-Palma	Oktubre 12, 1986	Pebrero 2, 1987	Kumbensyong Konstitusyonal (20 kasapi)	Republika ng Pilipinas






**Emilio Aguinaldo**

Sa dahilang marami tayong pinagdaanang iba't ibang pamahalaan, ang ating Saligang Batas ay hinubog ng mga pagbabagong nangyari simula nang dumating ang mga Kastila hanggang sa kasalukuyan. Nagkaroon ng iba't ibang proseso sa pagbuo ng Saligang Batas. Pag-aralan mo ang susunod na dayagram. Ano ang prosesong sinusunod sa kasalukuyan?

**Ang Proseso ng Pagbuo ng Saligang batas**



## **Ang Mga Saligang Batas ng Pilipinas**

Gaya ng nabanggit na, pito ang Saligang Batas ng Pilipinas dahil sa pagpapalit-palit n gating pamahalaan.

Napag-alaman din natin na ang Saligang batas ay may tatlong bahagi: *preamble*, mga nilalaman, at mga amenda o susog. Ang mga nilalaman nito ay binubuo ng mga artikulo na tumutukoy sa iba't ibang paksa:

Pag-aralan mo ang mga nilalaman ng mga naging Saligang Batas natin hanggang sa kasalukuyan.

### Saligang batas ng 1935

Artikulo I	-	Ang Pambansang Teritoryo
Artikulo II	-	Pagpapahayag ng Simulain
Artikulo III	-	Katipunan ng mga Karapatan
Artikulo IV	-	Pagkamamayan
Artikulo V	-	Karapatan sa Halalan
Artikulo VI	-	Kagawaran ng Pagsasabatas
Artikulo VII	-	Kagawaran ng Pagpapaganap
Artikulo VIII	-	Kagawaran ng Paghuhukom
Artikulo IX	-	Impeachment
Artikulo X	-	Ang Komisyon sa Halalan
Artikulo XI	-	Ang Komisyon ng Audit
Artikulo XII	-	Ang Komisyon ng Serbisyo Sibil
Artikulo XIII	-	Pangangalaga at Paggamit ng Likas na Kayamanan
Artikulo XIV	-	Ang Pangkalahatang Tadhana
Artikulo XV	-	Ang mga Susog
Artikulo XVI	-	Ang Tadhanang Lilipas
Artikulo XVII	-	Mga Natatanging Tadhana na Nagkabisa ng Pagpapahayag
Artikulo XVIII	-	Ang Komonwelt at ang Republika



Ang Pag-apruba at pagpirma sa Konstitusyon ng Pilipinas noong 1935.

### Saligang batas ng 1973

- Artikulo I - Ang Pambansang Teritoryo
- Artikulo II - Pahayag ng mga Simulain at Patakarang Estado
- Artikulo III - Pagkamamamayan
- Artikulo IV - Katipunan ng mga Karapatan
- Artikulo V - Ang Tungkulin at Pananagutan ng mga Mamamayan
- Artikulo VI - Ang Karapatan sa Halalan
- Artikulo VII - Ang Presidente at Bise Presidente
- Artikulo VIII - Ang Pambansang Asembliya
- Artikulo IX - Ang Punong Ministro at Gabinete
- Artikulo X - Ang mga Hukuman
- Artikulo XI - Ang Pamahalaang Pampook
- Artikulo XII - Kapangyarihan ng mga Pinunong Bayan
- Artikulo XIII - Ang Pambansang Kabuhayan at Kayamanan ng Bansa
- Artikulo XIV - Mga Tadhanang Pangkalahatan
- Artikulo XV - Mga Susog
- Artikulo XVI - Mga Tadhanang Lilipas

### Saligang Batas ng 1987

- Artikulo I - Ang Pambansang Teritoryo
- Artikulo II - Pahayag ng mga Simulain at mga Patakaran

- Artikulo III - Katipunan ng mga Karapatan
- Artikulo IV - Pagkamamamayan
- Artikulo V - Karapatan sa Halalan
- Artikulo VI - Ang Kagawarang Tagapagbatas
- Artikulo VII - Ang Kagawarang Tagapagpaganap
- Artikulo VIII - Ang Kagawarang Tagapaghukom
- Artikulo IX - Ang mga Komisyong Institusyunal
- Artikulo X - Pamahalaang Lokal
- Artikulo XI - Pananagutan ng mga Pinunong Pambayan
- Artikulo XII - Pambansang Ekonomiya at Patrimonya
- Artikulo XIII - Katarungang Panlipunan at mga Karapatang Pantao

### Saligang batas ng Pilipinas ng 1987

Ang Saligang Batas ng 1987 ay ang umiiral na Saligang Batas ng Pilipinas sa Kasalukuyan. Sa bahaging ito ay iyong aalamin ang mga detalye ng ating kasalukuyang Saligang Batas. Pag-aralan ang talahanayan.

Artikulo	Pamagat	Mga Nilalaman
I	Pambansang Teritoryo	Ang pambansang teritoryo ay binubuo ng kapuluan ng Pilipinas, mga pulo, at mga karagatan na nakapaloob dito.
II	Pahayag ng mga Simulain at mga Patakarang Estado	Naglalaman ng 28 probisyon na nagbibigay kasiguruhan sa mga tao na ang estado sa pamamagitan ng pamahalaan ay taimtim na nagmamalasakit sa kanilang interes at kapakanan.
III	Katipunan ng mga Karapatan	Inisa-isa ang karapatan at tanging karapatang tinatamasa ng bawat Pilipino.
IV	Pagkamamamayan	Tinatalakay kung sino ang mamamayang Pilipino, at kung paano makamtan at mawala ang pagkamamamayan nito.
V	Karapatang Bumoto	Ang karapatang bumoto ay ipinagkakaloob sa lahat ng mga mamamayan na may edad 18 pataas, kahit di marunong bumasa at sumulat.
VI	Kagawarang Tagapagbatas	Nasa kongreso ng Pilipinas ang karapatang gumawa ng batas. Binubuo ito ng kapulungan ng Senado at kapulungan ng Batas.
VII	Kagawarang Tagapagpaganap	Nasa kamay ng Pangulo ng Pilipinas (sa tulong ng Pangalawang Pangulo at Gabinete) ang

		kapangyarihang tagapagpaganap.
VIII	Kagawarang Tagapaghukom	Nasa Korte Suprema at lahat ng mababang hukuman ang karapatan ng paghuhukom.
IX	Mga Komisyong Pangsaligang-Batas	Ang Komisyong Pangsaligang-Batas ay bubuuin ng: (1) Komisyon ng Halalan; (2) Komisyon ng Awdit; at (3) Pangmamamayang Paglilingkod
X	Pamahalaang Lokal	Ang Pamahalaang Lokal ay binubuo ng panlalawigan, pambayan, pangsyudad at pambarangay. Ang Cordillera, Caraga at Muslim Mindanao ay mga magsasariling rehiyon.
XI	Ang Pananagutan ng mga Opisyal ng Pamahalaan	Ang lahat ng opisyal at kawani ng pamahalaan ay may pananagutan sa mga mamamayan sa lahat ng oras.
XII	Ang Pambansang Ekonomiya at Patrimonya	Layunin ng pamahalaan ang sumusunod: 1) pantay-pantay ng pagbabahagi ng kayamanan ng bansa, sahod, oportunidad; at 2) pagpaparami ng mga produksyon ng mga pangunahing pangangailangan at serbisyo para mapaunlad ang kabuhayan ng mga Pilipino.
XIII	Katarungang Panlipunan at Karapatang Pantao	Tinatalakay ang mga isyu tungkol sa reporma sa lupa at mga likas na yaman ng bansa. Tinatalakay din ang pabahay, kalusugan karapatan ng mga babae at ang gawain at tungkulin ng mga samahang pribado.
XIV	Edukasyon, Agham at Teknolohiya, Sining, Kultura at Palakasan	Naglalaman ng patakaran sa pagpapaunlad ng edukasyon, agham at teknolohiya, kultura at palakasan.
XV	Ang Pamilya	Pinahahalagahan ang pamilya bilang pangunahing yunit ng lipunan.
XVI	Mga Pangkalahatang Probisyon	Tinutukoy dito ang paggamit ng bandila, pambansang awit, at ang kagandahang asal ng Sandatahang Lakas at ng mga nasa media. Ipinapaliwanag din ang pangangalaga sa mga konsyumer at mga dayuhang mamumuhunan.
XVII	Mga Susog o Pagbabago	Ipinaliliwanag dito kung paano maring mabago at mapalitan ang Saligang batas.
XVIII	Mga Tadhanang Lilipas	Tungkol ito sa paraan na dapat sundin sa panahon ng pambansa at lokal na halalan tulad ng kapangyarihang lehislatibo ng Pangulo bago ang pagtatatag ng Kongreso.

## ***Ang Komisyong Konstitusyunal***

Ang mga komisyong konstitusyunal ay mga ahensya ng pamahalaan na itinadhanang Saligang batas. Makikita ito sa Artikulo IX ng Saligang Batas ng 1987. May tatlong komisyong konstitusyunal, na binuo: ito ay ang Komisyon ng Serbisyong Sibil, Komisyon ng Halalan, at Komisyon ng Awdit.

Binuo ang mga komisyong nabanggit upang masiguro na magiging maayos ang pamamalakad ng pamahalaan. Itinuturing ang mga sangay na ito ng pamahalaan na may katulad na kapangyarihan sa Pangulo, Kongreso, at Kataas taasang Hukuman.

### ***Komisyon ng Serbisyong Sibil***

Ang pangunahing tungkulin ng komisyong ito ay gabayan at bantayan ang lahat ng taong nanunungkulan sa pamahalaan. Sa kanila nagmumula ang mga patakaran tungkol sa tamang gawi ng lahat ng kawani ng pamahalaan. Hindi maaaring magtrabaho sa pamahalaan kung hindi maipapasa ang pagsusulit ng serbisyong sibil o *Sub-Professional at Professional Service Examination*.

### ***Komisyon ng Halalan***

Kilala bilang COMELEC (*Commission on Elections*), ang gawain ng komisyong iyo ay siguraduhing walang dayaang magaganap sa anumang uri ng halalan. Ito rin ang lumulutas ng mga reklamong may kaugnayan sa halalan.

### ***Komisyon ng Awdit***

Sinisiguro naman ng Komisyon ng Awdit (*Commission on Audit* o COA) na ang lahat ng pondo ng pamahalaan ay pupunta sa mga proyektong pinaglalamanan nito. Ang lahat ng sangay ng pamahalaan ay dapat na sumailalim sa pagsusuri ng Komisyon ng Awdit, sang-ayon sa ating Saligang batas.




## Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Ngayon ay oras na upang palalimin mo ang iyong natutuhan.

### I. Unang Bahagi

**Panuto:** Paghambingin ang iba't ibang Saligang Batas ng Pilipinas. Anu-ano ang mga probisyong magkakatulad sa mga saligang batas ng 1935, 1976 at 1987? Ilagay ang iyong sagot sa gitnang tatsulok. Anu-ano naman ang pagkakaiba ng mga probisyon? Ilagay ang iyong mga sagot sa mga tatsulok sa gilid.



### II. Ikalawang Bahagi:

**Panuto:** Punan ang patlang upang mabuo ang pahayag.

Ang mga komisyonang pansaligang batas ay mga ahensya ng pamahalaan na itinakda sa (1)\_\_\_\_\_. Matatagpuan ito sa (2) \_\_\_\_\_. Ang Komisyon ng (3)\_\_\_\_\_ ay namamahala sa mga kawani ng pamahalaan, samantalang ang Komisyon sa Halalan ay namamahala sa (4) \_\_\_\_\_ at ang Komisyon ng (5) \_\_\_\_\_ naman ang sumusuri sa mga pondo ng pamahalaan at sa tamang paggamit ng salapi ng gobyerno.

### III. Ikatlong Bahagi

**Panuto:** Batay sa talahanayan ng Konstitusyon ng Pilipinas ng taong 1987, sagutin mo ang mga sumusunod:

- \_\_\_\_\_ 1. Ang artikulong batayan ng karapatang ipahayag ang iyong opinyon.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang karapatang pampulitika na tinatamasa ng lahat na mamamayang Pilipino na may edad 18 pataas.
- \_\_\_\_\_ 3. Ang artikulong naglalaman ng mga probisyon tungkol sa pabahay, kalusugan, at pagsasaka.
- \_\_\_\_\_ 4. }  
\_\_\_\_\_ 5. } Ang tatlong Komisyong Pansaligang batas.  
\_\_\_\_\_ 6. }
- \_\_\_\_\_ 7. Ang artikulo na nagpapaliwanag kung paano mapapalitan ang Saligang batas.
- \_\_\_\_\_ 8. Ang biolang ng pamumuno ng Pangulo ng Pilipinas.
- \_\_\_\_\_ 9. Ang Kagawaran na nagpataw kay Leo Echegaray ng parusang kamatayan.
- \_\_\_\_\_ 10. Ang pangunahing yunit ng lipunan ayon sa Artikulo XV.





### **Tandaan Mo!**

● Ang batayan ng kasalukuyang Saligang Batas ng Pilipinas ay apat na iba't ibang Saligang Batas sa iba't ibang panahon:

1. Saligang batas ng Unang Republika;
2. Saligang batas ng 1935;
3. Saligang batas ng 1973; at
4. Saligang batas ng 1987.

● Ang paghahanda ng Saligang batas ay may mga batayang legal. Bumubuo ng Komisyong Konstitusyunal kung kinakailangang baguhin ito. Dumadaan sa masusing proseso ang pagbuo o pagbabago ng Saligang batas sa pamumuno ng Komisyon, at tumutulong din ang Komisyon ng Serbisyong Sibil, Komisyon ng Halalan, at Komisyon ng Awdit.



### **Gawain 3: Paglalapat**

Isa sa mga nilalaman ng ating kasalukuyang Saligang batas ay tungkol sa Edukasyon, Agham at Teknolohiya, Sining, Kultura at Palakasan (Artikulo XIV). Anu-ano sa palagay mo ang tinatamasa mong karapatan sa bilang mag-aaral dahil sa artikulong iyan? Maglista ng lima (5) o isang karapatan sa bawat larangan.



## MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO:

- Ang nasyon ay binubuo ng mga taong may magkakatulad na paniniwala, tradisyon at wika. Samantalang ang estado naman ay binubuo ng mga sumusunod: tao o populasyon, teritoryo, soberenya at pamahalaan. May iba't ibang uri din ng pamahalaan: sibil, military, despotik, konstitusyunal, halal, minana o de facto. Maaari ring uriin ang pamahalaan ayon sa mga sumusunod: ayon sa dami ng namumuno, lawak ng kapangyarihan at relasyon ng tagapagpaganap at tagapagbatas. Samantala, mayroon namang anim na teorya hinggil sa pinagmulan ng estado: Divine Rights, Social Contract, Likas sa Sarili, Teorya ng Pangangailangan, Teorya ng Pinalawak na Kapangyarihan, at Teorya ng Ebolusyon.
- Ang Saligang batas ang pinakamataas at batayang batas ng isang bansa. Ang Saligang Batas ay maaaring nagmula sa pagpapatibay ng isang Constitutional Assembly o inipon at mula sa nagpasali-saling mga batas sa iba't ibang panahon. Maaaring ito ay nakasulat o hindi nakasulat. May uri rin ng konstitusyon na hindi nababago, mahirap baguhin o kaya'y madaling nababago. Binubuo ang Saligang Batas ng tatlong bahagi: preamble, nilalaman, at *amendments* o susog.
- Dumadaan sa mahabang proseso ang pagbuo ng saligang batas. Subalit hindi ito mabubuo kung walang legal na batayan. Ang batayang ito ay nagmula sa isang proklamasyon ng isang pangulo. "*Constitutional Commission*" o Komisyong Konstitusyunal. ang tawag sa pangkat na nagbabalangkas sa konstitusyon. Matapos nila itong balangkasin, dumadaan muna ito sa kataas-taasang hukuman upang suriin kung may mga nalabag itong mga batas. Kung wala, ito ay nilalagdaan na ng mga miyembro ng Komisyon at saka magpapatawag ng plebisito. Kung maraming mamamayan ang boboto ng pagsang-ayon sa Saligang Batas, maaari na itong ipatupad.
- Mayroon ding mga komisyong pansaligang batas na nilikha upang matiyak na mapapalakad nang maayos ang pamahalaan. Ito ay ang Komisyon ng Serbisyo Sibil na nangangalaga sa mga kawani ng pamahalaan, Komisyon ng Awdit na tumitiyak na lahat ng pondo ng pamahalaan ay napunta sa mga proyekto nito at ang Komisyon sa Halalan binuo naman para masiguro ang malinis na halalan. Ang kapangyarihan ng mga komisyong ito ay katumbas ng kapangyarihan ng Pangulo, Kongreso, at Kataas-taasang Hukuman.



## PANGHULING PAGSUSULIT:

### I. Isa-isahin ang mga sumusunod:

1-4 Ang mga elemento ng estado

5-6 Klasipikasyon ng pamahalaan ayon sa lawak ng pamamahala

7-9 Klasipikasyon ng pamahalaan ayon sa dami ng pinuno

10-11 Klasipikasyon ng pamahalaan ayon sa relasyon ng lehislatura at tagapagpaganap

### II. Punan ang mga nawawalang datos sa bawat bilang sa talahanayan.

Konstitusyon	Legal na Batayan	Bumuo	Pinuno	Petsa ng Pagpirma	Petsa ng Pagpapatotoo	Sistema ng Pamahalaan
Saligang batas ng Biak-na-Bato		Kongreso (52 kinatawan)	(5)	Nobyembre 1, 1897		(13)
Konstitusyon ng Malolos	Utos ni Heneral Aguinaldo	Kongreso (92 kinatawan)	(12)	Enero 2, 1921		Republika
Saligang Batas ng 1935	(1)	Delegado (202 kinatawan)	(6)	(10)	Mayo 4, 1935	Commonwealth
Saligang Batas ng 1943	(2)	Pulong ng mga Hapones sa 19 na Pilipino	(7)	Setyembre 4, 1943	Setyembre 7, 1943	Republika
Saligang Batas ng 1973	RA 6132	Delegado (300 kinatawan)	Diosdado Macapagal	(11)	Enero 10-15, 1973	(14)
Saligang Batas ng 1986 ( <i>Freedom Constitution</i> )	(3)		(8)	Marso 23, 1986		(15)
Saligang Batas ng 1987	(4)	Constitutional Commission	(9)	(12)	Pebrero 2, 1987	Republika

III. Analohiya: ibigay ang kaugnay na konsepto ayon sa analohiya.

1. *Unitary Government*: Sentralisadong pamahalaan  
\_\_\_\_\_ : Nahahati ang pamahalaan sa nasyonal at estadong pamahalaan
2. \_\_\_\_\_ : lisang tao ang namumuno  
Demokrasya : Ang pinuno ay pinili at ihinalal
3. Panloob na kalayaan: Pamamahala sa nasasakupan  
\_\_\_\_\_ : Pagpapapatupad ng pamahalaan nang hindi pinakikialaman ng ibang estado
4. \_\_\_\_\_ : Konseptong etnikal  
Estado : Konseptong pulitikal
5. *Social contract* : Pag-uusap at kasunduan  
\_\_\_\_\_ : Likha ng paggamit ng lakas at pwersa
6. \_\_\_\_\_ : Ang tao ang naghahalal sa pinuno  
*Indirect democracy* : Ang kinatawang pinili ng tao ang naghahalal sa pinuno
7. \_\_\_\_\_ : Itinatag dahil sa suporta ng tao  
*De jure* : Itinatag alinsunod sa isinasaad sa konstitusyon
8. Saligang Batas ng Malolos : Pedro Paterno  
\_\_\_\_\_ : Claro M. Recto
9. *Rigid o inelastic* : Hindi nababago maliban sa isang pamamaraang lubhang mahirap, matagal at kumplikado  
\_\_\_\_\_ : Maaring mabago
10. Konstitusyon : Ang pagbabatas ay galling mismo sa taong bayan  
\_\_\_\_\_ : Ang pagbabatas ay galing sa mga kinatawan ng taong bayan



## GABAY SA PAGWAWASTO:

### PANIMULANG PAGSUSULIT

I.

1. A
2. B
3. D
4. C
5. A
6. A
7. A
8. A
9. B
10. B

II.

1. Preamble
2. Flexible
3. Conventional
4. Freedom Constitution
5. Unitary
6. Federal
7. De Facto
8. Jose P. Laurel
9. Pedro Paterno
10. Komonwelt

### ARALIN 1 ESTADO, NASYON, AT MGA TEORYA HINGGIL SA PAGBUO NG ESTADO

#### Gawain 1: Pag-isipan Mo!

- |              |               |
|--------------|---------------|
| 1. tao       | 3. pamahalaan |
| 2. teritoryo | 4. soberenya  |

#### Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Ang sagot sa gawain ay depende sa resulta ng panayam.

#### Gawain 3: Paglalapat

- |                    |                  |
|--------------------|------------------|
| 1. Divine Right    | 4. Evolutionary  |
| 2. Force           | 5. Paternalistic |
| 3. Social Contract |                  |

## **ARALIN 2 ANG PAMAHALAAN SA ISANG ESTADO**

### **Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ang sagot sa gawain ay depende sa panayam ngunit ang tamang kasagutan sa uri ng pamahalaan mayroon ang Pilipinas ay matatagpuan sa susi sa pagwawasto sa Gawain Blg. 3.

### **Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A.

1. Militar
2. Despotic
3. Militar noong una at Sibil nang malaunan
4. Sibil
5. Konstitusyunal

B.

1. Parlyamentary
2. Presidensyal
3. Presidensyal
4. Presidensyal
5. Presidensyal

C.

1. Demokrasya
2. Monarkiya
3. Monarkiya
4. Demokrasya
5. Demokrasya

### **Gawain 3: Paglalapat**

Ang tamang sagot ay depende sa iyong pangangatwiran. Ipatsek sa gurong tagapamahala ang iyong sanaysay.

## **ARALIN 3. ANG KONSTITUSYON O SALIGANG BATAS**

### **Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ang unang dapat na gawin mo ay ang pagbabalangkas ng banghay. Gayundin ang unang layunin ng konstitusyon: ang paglalatatag ng balangkas ng pamahalaan.

## Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

1. Batayang batas ng isang estado na naglalaman ng mga patakaran at balangkas ng mga batas sa bansa.
2. Upang gabayan ang pamahalaan sa pamamalakad ng bansa at siguruhing hindi malalabag ang karapatan ng mga mamamayan.
3. Preamble, nilalaman at amendments
4. Maikli, malawak at tiyak o malinaw

## Gawain 3: Paglalapat

Ang sagot mo ay sariling opinion. Ipatsek sa gurong tagapamahala ang iyong isinulat.

## ARALIN 4. ANG SALIGANG BATAS NG PILIPINAS


### Gawain 1: Pag-isipan Mo.

Walang tanong na sasagutan. Subalit kailangang pag-aralan mo ang talahanayan sa pahina 23-24.

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

I. Unang bahagi

Sagot sa Gawain 2.



## II. Ikalawang Bahagi

1. Saligang batas
2. Artikulo IX
3. Serbisyong Sibil

## III. Ikatlong Bahagi

1. Artikulo III
2. karapatang bumoto
3. Artikulo XIII
4. Halalan
5. Awdit

4. malinis na halalan
5. Awdit

6. Serbisyo Sibil
7. Artikulo XVIII
8. anim na taon
9. Kagawaran ng Paghuhukom
10. Pamilya



## PANGHULING PAGSUSULIT

### I.

1. teritoryo
2. tao o populasyon
3. pamahalaan
4. soberenya
5. unitary
6. federal
7. monarkiya
8. aristokrasya
9. demokrasya
10. parlyamentarya
11. presidensyal

### II.

1. Tydings-Mc Duffie Law
2. KALIBAPI
3. Proclamation No. 3
4. Proclamation No. 9
5. Emilio Aguinaldo
6. Claro M. Recto
7. Jose P. Laurel
8. Corazon Aquino
9. Cecilia Muñoz-Palma
10. Pebrero 8, 1935
11. Nobyembre 30, 1872
12. Pedro Paterno
13. Republika
14. Parlyamentarya
15. *Revolutionary Government*

### III.

1. *federal*
2. monarkiya
3. panlabas na kalayaan
4. nasyon
5. *force* o lakas
6. *direct democracy*
7. *de facto*
8. Saligang Batas ng 1935
9. *flexible (elastic)*
10. *statute*